KRITIKE VOLUME TWENTY NUMBER ONE (MARCH 2026) 213-235

Article

# Kabataang Walang Muwang at ang Makatarungang Lipunan

***Ian Anthony Davatos***

**Abstract:** This paper examines the place of innocent children within the multiverse of reason and the possibility of transforming society according to Agustin Martin Rodriguez in consideration of the welfare of children. The first part of the article examines what Rodriguez calls "laro ng sarili" (play of the self) and how such play reflects (or not) the play of childhood, particularly in the context of the multiverse of reason. The second part presents Rodriguez's multiverse of reason in order to show how society becomes unjust and how to address the unjust state of society. By citing three examples it will also be shown why the solutions presented are not enough to address the plight of innocent children. The third part introduces the idea of the universe of needs that will create space for innocent children within the multiverse of reason. Such framework will provide direction to the discourse underlying the multiverse of reason.

**Keywords:** Rodriguez, Filipino philosophy, multiverse of reason, universe of needs

## Ang Laro ng Sarili

Kung ang isang makatarungang lipunan ay binubuo ng mga indibidwal na malayang naipapahayag ang sarili at malayang natatahak ang direksyon na nais nila sa buhay, lumilitaw na mahalagang maunawaan kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng pagiging isang ako. Ito ay dahil ang ako ang magiging batayan kung talaga bang naipapahayag ko ang tunay na ako, o sadya lamang idinidikta sa akin ng sino-man na hindi ako ang mga bagay na dapat kong piliin o tahakin sa buhay.

Isa itong reyalidad na mariin nang napansin ni Agustin Martin Rodriguez. Meron siyang tinatawag na "mga batayang pananalig na

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

nagbibigay-depenisyon sa buhay-tao"[1] na malaki ang gampanin upang bigyang direksyon ang buhay ng isang indibidwal. Binigay niyang halimbawa ang pananalig "na dapat laging may pag-unlad ang buhay ng tao,"[2] na humahantong sa iba't-ibang manipestasyon na minsan ay mapanganib at hindi naaayon sa nararapat at talagang totoo. Meron ding ilan na ang walang malay na pagpapatupad ng mahahalagang bagay, gaya ng pagkakaroon ng pamilya o ang pagiging lalaki o babae o pagiging kasapi ng isang relihiyon, ang nagpapatakbo sa buhay nila. Mahalagang isaisip na ang nais bigyang diin dito ni Rodriguez ay ang kawalan ng malay sa paghahangad ng mga bagay na ito. Madali lang naman talagang mabigyan ng sagot ang tanong na "sino ako?" kung nababalot na sa katiyakan ng mahahalagang bagay ang isang indibidwal. Ngunit ano na ang magiging lagay ng tao kapag gumuho ang mga katiyakang ito? Ano ang mangyayari kapag nakasagupa ng mga kritikal na panunuri ang aking mga batayang pananalig? Ayon kay Rodriguez, malalagay ang tao sa laro ng pagka-alanganin.[3] At bagamat may pasya ang tao na lisan ito at humanap ng mga panibagong katiyakan, mahalaga rin ang pasya na manatili sa laro ng pagka-alanganin. Ito ay dahil sa paghahanap ng katuwiran sa kalagayang ito, dito makikita ng tao ang kaliwanagan upang mabigyan ng sagot ang tanong na sino ako.

Kapag ang tanong ay nagsisimula sa ano, gaya ng "ano ang bato?", tumutukoy ito sa isang obheto, maaaring itong bato o ang bato sa kabuuan. Ngunit kapag ang tanong ay "sino ako?", hindi ito ganoon kadaling sagutin gaya ng ano ang bato sapagkat tila bagang hindi madaling tukuyin ang obheto ng ako gaya ng pagtukoy sa isang bato. Kaya nga ayon kay Rodriguez, "Hindi angkop sabihin ito ang ako at may ganitong tiyak na katangian."[4] Sa halip, dapat tignan ang tanong na sino ako sa balangkas ng persona sapagkat "persona lamang ang tinutukoy ng 'sino'."[5] Sa pamamagitan nito, makikita na ang persona na tinutukoy ng tanong ay isang "dinamikong X—isang malaya at mulat na ako na hindi maiuuwi sa pagkabagay."[6] Ano ang ibig sabihin nito? Ayon kay Rodriguez, nagpapahayag ito na tao lang "ang dinamismong kumikilos ayon sa malayang kalooban at may pagmamalay sa sarili. At dahil dito, naiiba ang tao sa mga ibang nagpepresensiya."[7]

---

[1] Agustin Martin Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014), 60.

[2] *Ibid*.

[3] *Ibid*., 62.

[4] *Ibid*.

[5] *Ibid*., 63.

[6] *Ibid*., 65.

[7] *Ibid*., 65.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Kapansin-pansin na ang balangkas na ito ayon sa pag-iintindi sa tao o sa tao bilang persona ay nakasentro sa tao bilang nakatatanda. Ito ay naglalarawan lamang ng tao na marunong nang magpasya o manalig o meron ng wastong pagmamalay sa sarili. Ngunit ang mga aspetong ito ay mga bagay na maaaring wala pa sa kamalayan ng isang bata o kung mayroon man, ito ay bagay na naaayon lang sa kung ano ang inilatag na posibilidad ng kanyang mga magulang o ng kung sinuman ang nangangalaga sa kanya. Ito ay dahil hindi pa ganap na sumisibol ang awtonomiya ng mga batang walang muwang, maging ang kanilang kakayanang magpahayag ng sarili. Halimbawa na lamang ang mga sanggol na wala pang kamalayan para magpasya o manalig, o mga paslit na wala pang tumpak na pagmamalay sa sarili. Ang iba pa nga, gaya ni Tamar Schapiro, ay kawalan ng awtonomiya ang binibigay na katangiang nagtatakda sa pagiging bata.[8] Dahil rin dito, sila ang mas nangangailangan ng masusing pag-antabay at pagkilala. Gaya nga ng sinabi ni Tim Fowler, ang mga bata ay higit na mahina at madaling mahimok.[9] Sapagkat malinaw na mga tao na sila na meron ding kakayahang magpresensiya, lumalabas na kinakailangan ng mas malawak na pag-unawa sa tao at sa persona sa ibayo ng iminungkahi ni Rodriguez. Gaya nga ng sinabi ni John Wall, "Ang pagpapakatao sa kabataan ay nakabatay sa pagpapakabata ng sangkatauhan."[10]

Dumako naman tayo sa pagtalakay ni Rodriguez sa kapalaran ng tao na magpapalinaw rin sa kalagayan ng maraming mga batang walang muwang bilang naisantabi at binawian. Kung ang konsepto ni Rodriguez ng tao at persona ay nakatali sa ideya ng kalayaan at awtonomiya, mga bagay na lumilitaw na sinasandalang dalumat ng kanyang pilosopikal na balangkas, ang kanya namang pagtalakay sa kapalaran ng tao ay patungkol sa mga bagay na maaaring magbigay hangganan at posibilidad sa kalayaan at awtonomiya na ito. Kaya kapag tinignan natin ang kapalarang ito sa aspeto ng mga bata, mas pinapalinaw nito ang kalikasan ng mga bata na nag-uudyok ng mas matinding pangangailangan kumpara sa mga taong nakatatanda. Ano nga ba ang kapalaran? Ayon kay Rodriguez, "ito ang aspeto ng pagdirito ng tao na nagbabalangkas ng kaniyang kongkretong pagdirito—sa pisikal, sikolohikal, at espiritwal na elemento ng kaniyang pagmemeron."[11]

---

[8] Tamar Schapiro, "What Is a Child?," in *Ethics,* 109 (1999), 715–716.

[9] Tim Fowler, *Liberalism, Childhood and Justice: Ethical Issues in Upbringing* (Bristol: Bristol University Press, 2020), 11.

[10] John Wall, *Ethics in Light of Childhood* (Washington, D.C.: Georgetown University Press, 2010), 35. Salin ng may akda. Orihinal: "*The humanization of childhood depends on the childization of humanity*."

[11] Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan,* 78.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Ang pagsasakatawan ang isa sa mga aspeto ng kapalaran ng tao na nagbibigay hangganan at posibilidad sa kanya sapagkat dahil sa pagsasakatawan, "mayroong mga tiyak na hangganan ang ako."[12] Mahalagang kasangkapan ng pagsasakatawan ang kasarian, isang bagay na mariing binigyang pansin rin ni Rodriguez.[13] Halimbawa na lamang, kung ako ay pinanganak na lalaki, hindi parte ng aking posibilidad ang pagbubuntis kahit gaano ko pa ito naisin. Dagdag pa rito, ang mga kemikal na meron sa aking katawan bilang isang lalaki ay nagdudulot ng partikular na disposisyon at orientasyon sa pagpapatupad ng sarili at pagtahak sa mundo. Liban sa kasarian, kasama rin mismo ang porma at kaayusan ng katawan na nagdidikta ng aking hangganan at posibilidad. Hindi ako maaaring maging isang *flight attendant* kung hindi ako abot sa kailangan na tangkad. Hindi rin ako maaaring maging piloto kung ako'y bulag sa iilang kulay. Mayroong mga pagpapasya na bukas sa isang taong malakas at makisig ang pangangatawan kumpara sa isang taong may mahinang baga mula nang kanyang kapanganakan.

Isa pang aspeto ng kapalaran ng tao ay ang pagsasakasaysayan na tumutukoy sa "laro ng pagtatalaban ng mga pangyayari sa makahulugang pamumukadkad ng tao sa panahon na humuhubog sa kaniyang kongkretong pagdirito."[14] Hindi maikakaila na may malaking bahagi ang mga pangyayari sa pangmundong kasaysayan, pambansang kasaysayan o maging pangyayari sa sariling komunidad upang hulmahin ang kapalaran ng isang tao. Isipin nalang natin ang di mabilang na mga lalaki at babaeng dinala sa kanya-kanya nilang tungkulin dahil sa pandaigdigang digmaang dumaan. Ganoon din, di-mabilang na Pilipino ang tinahak ang isang partikular na gampanin (na sa marami ay nauwi sa pagbubuwis ng buhay) dulot ng batas militar na namutawi sa bansa noong nanunungkulan si Ferdinand Marcos, Sr. bilang presidente. Iba ang kapalaran ng isang tao na pinanganak sa isang marangyang pamilya na ang yaman ay dulot ng kayamanan ng kanyang bansa kumpara sa isang tao na galing sa naghihirap na pamilya na ang kahirapan ay dulot ng kanilang mapanakal na gobyerno. Minsan pa nga, hindi kailangan ng isang malakihang pangyayari sa kasaysayan kundi maski ang pagpili ng iba para sa ako ay maaaring magpakita kung paano ang pagsasakasaysayan ay lumilitaw sa iba't-ibang nibel ng buhay tao. Halimbawa na lamang ay ang aking mga magulang na pinili akong paaralin ng hayskul sa seminaryo, isang bagay na labis kong ikinasasama ng loob noon. Ngunit dahil rin dito, natuklasan ko ang pilosopiya na kalaunan ay nagbigay sa akin ng kakaibang kahulugan upang bigyang direksyon ang

---

12 *Ibid*.

13 *Ibid*.

14 *Ibid*., 79.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

aking buhay. Ngayon na nasa punto ako kung saan isinasabuhay ko ang bokasyon ng pamimilosopiya, hindi ko lubos makita ang sarili ko na gumagawa ng iba pa. Ngunit, minsan ay pinagmumuni-munihan ko rin kung hindi ginawa ng mga magulang ko ang pagpapasya nila noon para sa akin, naitatanong ko: nasaang propesyon kaya ako ngayon? Nakikita ko rin kaya ang sarili ko na may galak sa aking ginagawa kahit na marahil wala ako sa larangan ng pamimilosopiya? Hindi man malinaw ang tunay na kasagutan, ang halimbawang ito ay nagpapakita na ang pagsasakasaysayan ay nagpapahiwatig ng umiiral na kawalang katiyakan sa buhay ng tao. Gaya nga ng sinabi ni Rodriguez, "Ayaw man niya o gusto, tinapon ang tao sa mundo."[15]

Ang ikatlo at huling aspeto ng kapalaran ay ang sistema ng pagpapahalaga. Ayon kay Rodriguez, ito ang "sistemang umiiral sa kalooban ng tao na nagbibigay orientasyon sa kung ano ang nanaisin, kamumuhian, iibigin, o kapupuotan."[16] Namumulat ang tao sa sistema na ito mula pa lamang sa kanyang unang pagdirito kung saan ito ang nagbibigay hugis sa kanyang pagpapasiya at pagkilos. Ito ang sistemang nagpapamulat sa tao sa halaga ng pagkain, maging bilang tagapagbigay ng nutrisyon sa katawan o ng kasarapang pangkatawan. Iba't iba ang sistema ng pagpapahalaga kaya may mga taong handang ibuwis ang buhay para sa kanilang pamilya samantalang meron namang ang tanging halaga lamang ay ang patuloy na makaranas ng kasarapan ang sarili. Anumang sistema ng halaga ang piliin ng tao, ito ay hindi sumusulpot galing sa wala at tila ba sinusunggaban lang ng kung sino ang magnais. Malaking parte nito ay nakasalalay "sa magulang, sa pamilya, sa komunidad na kinalakihan, sa edukasyon, sa kapanahunan, at sa dinaanang personal at panlipunang kasaysayan"[17] ng sinuman. Kaya nga gamit ang lenteng ito, maaaninagan na ang pagsasakatawan at pagsasakasaysayan ng tao ay may malaking impluwensiya sa sistema ng pagpapahalaga na kanyang babalingan.

Ngunit ibig sabihin ba nito ay wala ng kalayaan ang tao sapagkat ang kanyang kapalaran ay inihabi na ng mga aspetong nabanggit? Hindi nagbigay ng depinitibong sagot si Rodriguez rito, aminadong may kahirapan ang tanong na ito. Pero mayroong isang tiyak na maaaring masabi ukol sa kalayaan ng tao: "na sa bawat sandali ng buhay, nararanasan niya ang pangangailangang magpasiya."[18] Itinakda man o hindi ang kanyang pagpapasiya, malinaw sa tao na anuman ang pasiya na tahakin niya, mayroon itong kapangyarihan na lumikha ng kanyang kapalaran. Ngunit

---

[15] *Ibid*., 81.
[16] *Ibid*., 80.
[17] *Ibid*., 81.
[18] *Ibid*., 82.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

ang tao ay hindi lang tao na nag-iisa: isa itong ako na nagpepresensiya kasama ang ibang kapwa-meron. Mayroong sakop na laro sa pagpepresensiyang ito: ito ang laro ng mga nagtatalabang presensiya at laro ng sariling pagpepresensiya. At ayon kay Rodriguez, nakasalalay sa larong ito ang pag-unawa sa mabuti at nararapat ng bawat ngayon at dito: "larong nakasalalay sa tawag ng kapwa meron ayon sa nararapat at makatarungan sa kanilang pagmemeron, at sa tawag ng sarili batay sa makatarungan sa sariling pagmemeron."[19]

Ngunit paano eksaktong matutukoy ng larong ito ang makatarungan at nararapat? Nasa meron ang buod ng laro, ngunit hindi malinaw ang nais tumbukin dito ni Rodriguez. Binanggit niya na mayroong maaaring magawa ang tao sa kapwa tao na "mapangwasak o malikhain kaugnay sa pagmemeron ng mga nagmemerong ito,"[20] ngunit hindi siya nagbanggit ng malinaw na batayan kung papaano matutukoy kung ang isang gawain ay tunay bang mapangwasak o malikhain. Kung mayroong takdang kalikasan ang tao kung saan ito ang nagtatakda kung ang isang gawain ay tumutulong ba sa kanyang likas na paglago, maaari itong maging isang malinaw na batayan. Ngunit tahasang ipinahayag ni Rodriguez na ayaw niyang "makulong sa ideya na may takdang pagka-ano ang mga umiiral sa meron"[21] sapagkat maaari itong maging "sanhi ng pagkasarado ng tao sa hiwaga ng pagpepresensiya ng mga meron"[22] kaya naman para sa tao, nararapat na "ang laro ng presensiya ng mga nagprepresensiya lamang ang kanyang batayan ng nararapat at mabuti."[23] Malinaw sa mga siping nabanggit na mariing itinatanggi ni Rodriguez ang esensyalismo bilang metapisikal na balangkas ng mabuti at nararapat.

Hindi rin malinaw kung ito bang batayan ng mabuti at nararapat ay may sariling obhetibong reyalidad na malaya mula sa saloobin ng tao o isang batayan na may kanya-kanyang timpla ayon sa kung sino ang tumitingin. Ang tila malinaw kay Rodriguez ay kung papaanong ang iba't-ibang ako ay may sari-sariling pag-unawa sa mabuti at nararapat na maaaring magbanggaan at makaapekto sa kilos ng buhay tao. Ang resulta nito ay ang hindi maiiwasang pagkakaiba-iba ng iba't-ibang ako sa pag-unawa ng mabuti at nararapat, bagay na inasahan rin ni Rodriguez. Ika nga niya, "Dahil may hangganan ang kakayahan ng bawat taong bigkasin ang walang-

[19] *Ibid*., 85.
[20] *Ibid*., 86.
[21] *Ibid*.
[22] *Ibid*., 42.
[23] *Ibid*., 86.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

hanggang laro ng pagpepresensiya ng katalagahan, walang likas na nakakalamang sa pag-unawa sa mabuti o totoo."[24]

Ibinigay niyang halimbawa ang pagbabanggaan ng mga taong may modernong pag-unawa sa pag-unlad at mabuting buhay at mga taong may katutubong pag-unawa sa makataong buhay. Ang isang grupo may pagkiling sa batas ng estado at kung papaanong maaaring magamit ito upong mag-ari ng lupa. Samantalang ang mga katutubo naman, ang lupa ay bukal ng buhay. Hindi ito bagay na pwedeng ariin kundi tinatanggap bilang biyaya. Mula sa pagtinging ito, kumikilos ang mga katutubo na nakaayon sa pagtinging ito: may paggalang sa katangian ng lupa, sa kalikasan ng lupa at paggalang sa kalooban ng nagbibiyaya sa lupa. Ngunit sa ganitong klaseng banggaan ng pag-uunawa, kung sino ang mas may kapangyarihan—kung sino ang mas dominanteng katuwiran—ang madalis nananaig sa huli. Sa ganitong klase ng panghihimasok ng ibang mga patakaran ng pagpapaunlad ng buhay tao, "napipigilan ang mga katutubo sa pagpapatupad ng kanilang paraan ng pamumuhay na para sa kanila ay makatwiran at mabuti."[25]

Ang pagtalakay ni Rodriguez ng kapalaran at mga aspeto nito ay mas lalong magpapalinaw kung bakit mas nangangailangan ng boses ang mga batang walang muwang sa multiberso ng katuwiran. Gaya nang nasabi na noong una, ang pagtalakay ni Rodriguez ng kapalaran ay naglalayong ipakita ang mga aspeto ng buhay na nagbibigay direksyon sa buhay tao na sa maraming pagkakataon ay hindi niya pinili o ginusto. Ngunit sinubukan ding balansehin ito ni Rodriguez sa pamamagitan ng pagkikila sa tao bilang isang ako na may kakayahang magpasiya, at dulot ng pagpapasiyang ito, ay isang tao na may kakayahan ding diktahan ang kanyang kapalaran. Gayunpaman, ang larawan na ito ng kapalaran ng tao ay sumasalamin uli ng kapalaran ng taong nakatatanda, isang ako na may kakayahan nang magpasiya sa uri ng kapalaran na ninanais niya. Kabaliktaran sa larawang ito ang kapalaran ng isang batang walang muwang.

Tignan muna natin ang pagsasakatawan sa nibel ng mga batang walang muwang. Mula pa lamang sa sinapupunan ng kanilang ina, ang pagsasakatawan ng mga sanggol ay lubos ng sumasailalim sa kilos at pagpapasiya ng ina. Kung ang ina ay pabaya, halimbawa siya ay lulong sa alak o paninigarilyo kahit na siya ay nagbubuntis, malaki ang magiging epekto nito sa pagsasakatawan ng kanyang sanggol. Maaaring magkaroon ng kapansanan ang bata, sa pisikal man o sa mental na aspeto, na dadalhin niya hanggang siya ay tumanda. Maaari rin namang ang ina ay walang bisyo ngunit sadyang nalugmok lang sa kahirapan kaya naman noong ang sanggol ay naging paslit, hindi ito nakakatanggap ng sapat na nutrisyon sa katawan,

---

[24] *Ibid*., 193.
[25] *Ibid*., 89.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

kaya lumaki siyang laging mahina ang isip at katawan at madalas walang ganang mag-aral o matuto. Ang nais kong ipakita sa mga halimbawang ito ay kung papaano ang pagsasakatawan ng mga batang walang muwang ay lubos na sumasailalim sa poder ng magulang, madalas ina, at iba pang nangangalaga sa kaniya. Ang isang sanggol ay walang kakayanang magpasiya sa uri ng katawan na maibibigay sa kanya: malaking aspeto nito ay ayon sa magiging kilos at pasya ng kanyang mga magulang, lalo na ng kanyang ina. Sumasangayon ito sa nais ipunto ni Rodriguez sa pagtalakay niya ng pagsasakatawan sa buhay tao ngunit mayroong isang bagay na nais kong bigyang diin: ang nakatatanda ay kahit papaano may pagpapasiya kung papaano niya bibigyang ayos o pagbubutihin ang kalagayan ng kanyang pagsasakatawan. Halimbawa, maaari siyang umiwas sa bisyo na nakakasira sa kanyang pangangatawan. Maaari siyang mag-ensayo upang pagbutihin ang pisikal niyang kalagayan at anyo. Maaari siyang magpumilit makapag-aral, sa kabila ng kahirapan at iba pang balakid, upang pagbutihin ang kanyang intelektwal na kalagayan, na mahalagang parte rin ng pagsasakatawan. Samantala, hindi saklaw ng mga batang walang muwang ang kakayanang magpasiya ng ganito. Ito ay dahil wala pa silang kakayahang magpasiya – sa anumang makabuluhang pakahulugan.

Nalalagay rin sila sa parehong sitwasyon pagdating sa aspeto ng pagsasakasaysayan. Anuman ang maganap sa pandaigdigan, nasyonal o lokal na kasaysayan, ang mga batang walang muwang ay lubos na sumasailalim sa impluwensiya ng mga ito. Ang kanilang pamumukadkad sa panahon ay nasa kapangyarihan ng lahat ng pumapaligid sa kanila, ngunit wala silang boses sa pamumukadkad na ito. At dahil rin sa kawalang kapangyarihan ng mga batang walang muwang, hindi madalas nakikita kung papaano nahuhulma ang pagpipilian ng nakakatanda ayon sa kasaysayang kinalagyan niya noong siya ay bata pa. Halimbawa, iba ang magiging bukas na pagpipilian ng isang nakatatandang laki at kasalukuyang dumaranas ng hirap kumpara sa isang nakatatandang hindi nakaranas nito noong kabataan niya. Ito ay nagpapahiwatig kung gaano kahalagang tignan ang mga polisiya at desenyo ng lipunan, at kung paano nito isinasaalang-alang (o hindi) ang kapakanan ng mga batang walang muwang.

Kapag tinungo naman natin ang sistema ng pagpapahalaga, mas lalong lilitaw ang reyalidad ng kawalan ng pasiya ng mga batang walang muwang. Liban sa pagpapahiwatig ng pangangailangan sa pamamagitan ng pag-iyak, wala na atang iba pang malinaw na senyales ang sanggol na meron siyang iba pang pangunahing pangangailangan. Ngunit kung tanging ang pag-iyak lang at ang pagtigil nito ang tanging magiging basehan natin ng mga bagay na mahalaga para sa interes niya, lubos itong magiging kulang upang maging palatandaan ng mabuti at nararapat para sa kaniya. Kapag dumako naman tayo sa mga batang paslit, maaaring ang ilan sa kanila ay

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

marunong nang bumigkas o magsabi nang kanilang pangangailangan, ngunit marahil maging ito ay hindi awtomatikong tatanggapin ng magulang na pagpapahiwatig ng mabuti at nararapat sa kanila. Isang dahilan rito ay ang reyalidad na ang mga pagpapasiyang ito ay madalas idinikta o impluwensiya rin ng kanilang mga magulang o kung sinuman ang nangangalaga sa kanila. Halimbawa na lamang ang pagkahumaling ng mga batang paslit sa matatamis na pagkain gaya ng kendi o sorbetes. Marahil ay minsan pinagbibigyan ng magulang ang kanilang anak na kumain ng sorbetes tuwing naghahanap siya nito, ngunit kung palaging pupunan ng magulang ang paghahanap ng anak ng sorbetes, hindi rin naman ito magiging maganda para sa kalusugan niya. Kaya hindi magiging akma na tignan ang sistema ng pagpapahalaga ng isang paslit base lamang sa isinasambit niya sapagkat ang sistemang ito ay ipinataw lang sa kanya ng kanyang mga magulang at iba pang nakapaligid sa kaniya, o kung ayon man ito sa kanyang kagustuhan, hindi sinasalamin ng pagpapasyang ito ang tunay na mabuti at nararapat para sa kanya. Ito ang tinatawag kong laro ng pagkabata, na nakabase sa kawalan ng kalayaan at pagpapasiya ng mga batang walang muwang o kung meron mang pagpapasiya, ito ay hilaw at tunay na nangangailangan pa ng gabay.

Matapos ang pagpapaliwanag natin ng laro ng sarili kung saan nakapaloob ang kapalaran ng tao at mga aspeto nito, malinaw na bagama't may ilang pagkakapareho ang laro ng sarili sa nibel ng nakatatanda at nibel ng mga batang walang muwang, mayroon ding napakalaking kaibahan, at ito ay ang kawalan ng mga batang walang muwang ng kakayanang magpasiya. Sa susunod na bahagi, ipapaliwanag ko kung paano nakadikit ang pagka-lehitimo ng multiberso ng katuwiran sa laro ng sarili, at kung papaanong maaaring mabago ang balangkas nito kapag isinasaalang-alang na natin ang kapakanan ng mga bata.

## Ang Multiberso ng Katuwiran

Kung may malaking pagkakapare-pareho ang kapalaran ng bawat tao, at dahil dito may pangkalahatang pag-unawa sa katalagahan at sa kung ano ang mabuti at mahalaga, maaaring maging katanggap-tanggap ang isang uniberso ng katuwiran na sasakop sa lahat. Ngunit gaya nga ng ipinaliwanag ni Rodriguez ukol sa kapalaran ng tao, hindi ganito ang reyalidad. Dahil nga sa kung paano nagtatalaban ang iba't-ibang aspeto ng kapalaran ng tao, at kung papaano naipatupad ang pagpapasiya sa gitna ng kapalarang ito, ang bawat ako ay may kanya-kanyang pagtingin sa kung ano ang mabuti at nararapat para sa kaniya. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang pangangatwiran sa lahat ng kanilang ginagawa. Kaya naman ayon kay Rodriguez, "may katwiran ang lahat ng gawain ng tao–naaangkop lagi ito sa

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

katwiran ng kumikilos."[26] Dahil dito, nangangailangan ng multiberso ng katuwiran sapagkat "ito lamang ang nagtitiyak na hindi nakukulong ang tao sa mga makitid na sistema ng katwiran."[27] Naririto sa multiberso ng katuwiran ang pagkakataon upang maintindihan ang katalagahan ayon sa ibang katwiran na maaaring salungat o malayo sa kinalakihang paniniwala.

Lubos na tumitindi ang pangangailangan na kilalanin ang multiberso ng katuwiran, dahil sa ating lumiliit na mundo mayroong nananaig na dominanteng katuwiran na nagiging mapangwasak at isinasantabi ang maliliit o walang kapangyarihang katwiran. Dahil sa pag-aakalang ang kanilang katwiran ang tanging tama at mabuti, hindi nag-aalinlangan ang nasa kapangyarihan na ipataw ang katwirang ito sa lipunan. Ngunit makatarungan ba ito? Ayon kay Rodriguez, ang katarungan ay "ang katangian ng kaugnayan sa pagitan ng mga tao kung saan ginagalang at hindi hinahadlangan ng bawat isa ang karapatan ng bawat isang isatupad ang sarili ayon sa nauunawaan nila bilang mabuti."[28] Kaya nga, di-makatarungan ang anumang pagkilos ng hindi paggalang sa karapatang isatupad ang sarili ayon sa pagkaunawa ng bawat ako. Halimbawa na lamang rito ang binabanggit ni Rodriguez na "pananalakay ng Kanluraning katwiran sa bawat bahagi ng mundo"[29] na humahantong sa banggaan sa pagitan ng batas na hango sa Kanluraning katwiran at ang katwiran ng mga katutubo. Ang halimbawang ito ay pagpapakita ng kawalan ng katarungan sapagkat sa pagkakataong ito, pilit ipinapataw ang isang sistema ng pagpapahalaga at pagpapatupad ng buhay na banyaga sa katutubong katwiran. Kaya kung ang nais ay isang tunay na makatarungang lipunan, kailangang maging batid sa "suliranin ng mga naisantabing katwiran at unawain ang mga posibilidad ng pagiging makatarungan sa mga taong naisantabi."[30] Ang isa sa mga pundamental na hakbang para magawa ito ay ang mabigyan ang bawat katwiran, lalo na ng mga dehado at naisantabi, ng espasyong makilahok sa diskurso. Ayon kay Rodriguez, para masabing makatarungan ang diskurso, dapat mayroong malayang pakikibahagi ang "lahat ng madadamay (o ang kanilang tunay na kinatawan na maaaring magsalita para sa kanila gamit ang kanilang katuwiran) nang marating ang mga desisyon nila sa isang malayang pagbabahagian ng pag-unawa sa mabuti at nararapat."[31] At dahil nga may kanya-kanyang dala ng pagtanaw sa nararapat at mabuti ang bawat ako, "hindi nagwawakas ang diskurso at

---

26 *Ibid*., 92.
27 *Ibid*., 125.
28 *Ibid*., 128.
29 *Ibid*., 90.
30 *Ibid*., 134.
31 *Ibid*., 158.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

may katangiang pang-ngayon ang mga desisyong nararating sa prosesong ito."[32]

Ngunit paano mabubuo ang isang makatarungang lipunan ayon sa mga bagay na nabanggit? Hindi maaari na hayaan lamang ang bawat katuwiran na mahayag sapagkat, gaya nga ng nabanggit, di maiiwasang magbanggaan ang marami sa mga ito, at kung titignan nga natin ang kasaysayan ng mga ganitong pangyayari, madalas ang mapaniil na dominanteng katuwiran pa rin ang nananaig. Ayon kay Rodriguez, ang kailangan ay "isang sistemang makatwiran na magiging batayan ng pagtatakda ng mga batas at patakaran ng pamamahala na naaangkop at katanggap-tanggap sa lahat ng kasapi."[33] Ngunit paano magagarantiya na ang katwirang ito ay magiging katanggap-tanggap sa lahat? Dito na humiram si Rodriguez ng pilopikal na balangkas mula kay John Rawls. Mahirap ipagsama-sama ang mga tao na nanggagaling sa magkakaibang pananalig, ayon kay Rawls. Dahil nga naman ang mga pananalig na ito ay madalas malaki ang parte sa pagbuo ng kanilang pagkatao, hindi ito madaling isinusuko. Ngunit ayon kay Rawls, hindi kailangan na magmula sa mga pananalig na ito ang basehan ng isang makatarungang lipunan kundi sa isang uri ng hustisya na maaaring magsilbing basehan ng isang politikal na kasunduan sa pagitan ng mga mamamayang malaya at may pagkakapantay-pantay.[34] Namumutawi sa partikular na uri ng hustisya sa kaisipan ni Rawls ay ang prinsipyo ng neyutralidad. Kung ang nais ay isang liberal na lipunan, marapat lamang na hindi papaburan ng estado ang anumang komprehensibong doktrina at ang mga karampatang dalumat nito ng kung ano ang mabuti.[35] Gayunpaman, hindi rin dapat pipigilan ng estado ang pagsasabuhay ng mga mamamayan sa mga doktrinang ito. Kaya naman, nasa sentro rin ng liberal na pag-iisip ang konsepto ng awtonomiya na tumutukoy sa abilidad ng isang indibidwal na magpasya para sa kanyang sarili. Liban sa prinsipyo ng niyutralidad, isa pang pangunahing konsepto sa liberalismo, lalo na yaong hango kay Rawls, ay ang ideya ng pampublikong katuwiran. Ayon kay Rawls, may tatlong paraang para masabing pampublikong katuwiran ang isang katuwiran: ito ay katuwiran ng publiko; ang paksa nito ay ang kapakanan ng publiko at mga usapin ng hustisya; at ang likas at nilalaman nito ay pampubliko, na ang ibig sabihin ay hindi ito umaapela sa mga etikal, pilosopikal o relihiyosong pananaw.[36] Gamit ang

---

[32] *Ibid*., 158.

[33] *Ibid*., 165.

[34] John Rawls, "Justice as Fairness: Political not Metaphysical," in *John Rawls: Collected Papers*, ed. by Samuel Freeman (Cambridge: Harvard University Press, 1999), 394.

[35] John Rawls, *Political Liberalism* (New York: Columbia University Press; 1993), 189.

[36] Rawls, *Political Liberalism*, 213–215.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

prinsipyo ng neyutralidad at pampublikong katwiran, malinaw kung bakit sa ganitong porma ng hustisya mahalaga ang isang malayang diskurso upang humantong sa "mga makatwirang prinsipyo ng pagsasama na katanggap-tanggap sa lahat anumang uri ng sistema ng pagpapahalaga ang kanilang pinagmumulan."[37]

Ngayong naipaliwanag na natin ang multiberso ng katwiran at kung bakit kailangan ito para sa isang makatarungang lipunan, maaari na nating suriin kung ang larawang pinapakita ba nito ay angkop para sa mga batang walang muwang. At sa tingin ko, ang multiberso ng katwiran, bilang isang balangkas, ay hindi sapat upang bigyang pansin ang laro ng pagkabata. Ito ay dahil sa makailan-ilan ding dahilan. Una, hindi ito angkop sapagkat ipinagpapalagay nito na ang bawat tao ay mayroon ng katwiran na ayon sa kanilang pagtingin sa tama at mabuti. Ngunit ang mga batang walang muwang ay hindi pa lubos na lumago upang magkaroon sila ng kakayahang ito. Kahit na sa mga paslit na kaya nang makipag-usap at ipahayag ang kanilang mga kagustuhan, walang nakatatandang mag-iisip na kailangang laging galangin ang anumang banggitin at nais nilang gawin hango sa palagay nilang tama at mabuti. Kalakip nitong unang dahilang nabanggit kung bakit may kulang rin sa pag-unawa ni Rodriguez ukol sa katarungan. Ito ay dahil nakatuon lamang ang pag-unawang ito sa nakatatanda. Maaalalang nakasentro sa pagpapahayag ng awtonomiya ang depinisyong ibinigay ni Rodriguez ukol sa katarungan. Ngunit, pagdating sa mga bata na wala pang malinaw na awtonomiya, hindi aangkop ang pagsasatupad ng sarili ayon sa sariling pag-unawa ng tama at mabuti bilang batayan ng pagiging makatarungan. Hindi magiging kumpleto ang balangkas ng isang tunay na makatarungang lipunan na kumikilala sa multiberso ng katuwiran kung isasantabi nito mismo ang mga kasapi nito na hindi kayang makilahok sa diskurso. Hindi naman ibig sabihin nito na kailangan na nating iwaksi ang multiberso ng katuwiran bilang balangkas patungo sa makatarungang lipunan. Sa palagay ko, makakatulong pa rin ito kapag inuunawa natin ang pinanggagalingan ng mga hindi sakop ng dominanteng katwiran, lalo na yaong naisantabi at binawian. Gayunpaman, paano ito maaaring mabago ng laro ng pagkabata?

Sapagkat wala ngang awtonomiya at pagpapasiya ang mga batang walang muwang, madaling masapawan ang kanilang kapakanan ng katwiran ng nakatatanda. Sila ang grupo ng tao na hindi makakapagsabi ng kanilang hinaing o ni hindi nila alam ang ilang mga bagay na kailangan nilang idaing sa lipunan. Wala pa silang ganap at komprehensibong pagtingin sa nararapat at mabuti kaya madali rin silang mahimok at maabuso.

---

[37] Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*, 167.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Nagbigay na ako ng ilang mga katangian na pumapaloob sa mga "batang walang muwang," kagaya ng kakulangan ng awtonomiya at kakayahang magpasiya.[38] Mahalaga rito ang katangian na kawalan ng muwang, sapagkat hindi lahat ng bata ay walang muwang. Maraming kabataan ang malinaw na meron ng kakayahang magpasiya, makipag-katuwiran, at magpahayag ng kanilang pangangailangan. Gayunpaman, hindi ako sang-ayon na ang mga kakayahang ito ay lubos ng umiiral sa kanila na hindi na nila kailangan pa ng gabay, o maging pagtatama, mula sa nakatatanda na iniisip ang kanilang kapakanan. Halimbawa na lamang, may malinaw na pagkukulang ang isang lipunan na kinokonsente ang mga batang pito o sampung taong gulang pa lamang na manigarilyo, o uminom ng alak. Kahit pa sabihin na sarili nila itong pagpapasiya, hindi maikakaila na hindi ito dapat pahintulutan sapagkat hindi pa nila lubos naiintindihan ang maaaring maging resulta ng kanilang ginagawa. Isa sa malaking pagtitibay rito—na hango sa natuklasan ng siyensya—ay ang katotohanan na ang mga batang nasa ganitong edad ay hindi pa lubos na umuusbong ang parte ng kanilang utak na tinatawag na *prefrontal cortex*, bagay na responsable sa tamang pagpaplano, pagpapasya, pagkokontrol ng emosyon, at pangangatuwiran. Andoon na ang istruktura ngunit hindi pa ganap na umuusbong ang kakayahan ng parte ng utak na ito.[39]

Ngunit kung mapapatunayan man na mayroon ng mga batang may awtonomiya at malinaw na pagpapasiya, ibig sabihin ba nito ay hindi na maaaring gumana ang aking argumento? Malinaw na hindi, sapagkat kahit na tulutan ko ang ideya na meron ng sapat na awtonomiya at pangangatuwiran ang ilang mga bata (bagay na ipinakita kong kailangan

[38] Malinaw na ang argumentong ilalahad ko ay maaari ring magamit sa ibang grupo ng tao na masasabing natanggalan o binawian din ng mga nasabing kakayanan, kagaya ng mga taong may partikular na kapansanan, mga bilanggo, atbp. Ngunit pinili kong pagtuunan ang isyu ng mga batang walang muwang sapagkat di gaya ng mga grupong nabanggit, mas unibersal ang lapat ng aking argumento sapagkat lahat ng tao ay dumadaan sa estado ng pagiging batang walang muwang. Ikalawa, may malaking kaibahan ang kawalan ng awtonomiya para sa mga batang walang muwang kumpara sa ibang grupong nabanggit, gaya halimbawa ng mga bilanggo. Para sa mga batang walang muwang, ang kawalan ng awtonomiya ay natural, dulot ng pangangailangan ng taong magmula sa ganong estado patungo sa estado na sumibol na ang kakayahang magpasya. Dahil sa natural ito kaya kinakailangan na may magbigay boses sa pangangailangan nila. Sa kaso ng mga bilanggo, ang kawalan nila ng awtonomiya ay resulta ng hustisya, at ang pagbibigay ng awtonomiya ay magiging paglabag sa tawag ng hustisya. Hindi ko sinasabi na wala ng ibang kawangis na argumento na maaaring mailahad para sa kanila, ngunit kung meron man, ito ay nangangailangan na ng isang hiwalay na pagpapaliwanag at paglalahad kumpara sa argumentong ilalahad ko rito. Nagpapasalamat ako sa di-kilalang tagasuri ng papel na binanggit ang pagkilala sa mga nasabing grupo.

[39] B. J. Casey, Nim Tottenham, Conor Loston, and Sarah Durston, "Imaging the Developing Brain: What Have We Learned about Cognitive Development?," in *Trends in Cognitive Sciences*, 9 (2005), 104–110.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

pang bigyan ng malinaw na ebidensiya), hindi pa rin maikakaila na mayroong estado ng pagkabata kung saan ang bata ay walang kamuwang-muwang: mga bata sa sinapupunan, mga sanggol, at mga batang paslit na dahil sa edad ay hindi pa natututong bumigkas ng salita o pangungusap. Sila ang pinakapinatutungkulan ko sa katagang "kabataang walang muwang." Kaya naman ang layunin ko sa paggamit ng katagang ito ay upang tukuyin ang estado ng tao—partikular na sa kabataan—na hindi limitado sa iilang kultura o kasaysayan, kundi aspeto ng pagkatao na natural na pagdadaanan ng sinumang tatanda.[40]

Kaya kapag isinaisip natin ang pinakapinatutungkulan ng nasabing kataga, madali nating makikita kung bakit madaling maisantabi ang kanilang kapakanan. Sa kasalukuyang panahon, tila namumutawi ang katwiran ng nakatatanda na humahantong sa pagsasantabi sa mga batang walang muwang. Magbibigay ako ng tatlong halimbawa na magpapakita kung papaanong ang katwiran ng nakatatanda ay kumikilos bilang dominanteng katwiran na isinasantabi ang kapakanan ng maraming kabataan.

Una na rito ay ang usapin ng aborsyon. Kahit na hindi pa man legal ang aborsyon sa Pilipinas, dumarami na ang mga taong nagnanais na maging legal ito sa bansa. At isa sa madalas na pangangatwiran para maging legal ito ay dahil ito ang pasiya ng magulang, madalas ang ina. Kaya nga tinatawag rin ang posisyon na nangangatuwiran sa pagiging legal o maging moral ng aborsyon bilang *pro-choice*. Ipinapahiwatig sa partikular na tawag sa posisyong ito na dapat ang awtonomiya ng tao ang pinaka-dapat papahalagahan. Madaling mahihimok ang lipunan na panigan ang posisyong ito kung ang tanging isinasaalang-alang lamang ay ang katuwiran ng nakatatanda. Gayun din, mahirap makita ang karapatan ng sanggol na mabuhay kung ang tanging nangingibabaw sa diskurso ay ang tugunan ang pasya at irespeto ang kalayaan ng nakatatanda. Ngunit ito rin ang dahilan kung bakit sa usaping ito madaling ilarawan ang katuwiran ng nakatatanda bilang dominanteng katuwiran na naniniil sa mahihinang taong nasa sinapupunan na ang tanging pag-asa lamang na mabuhay ay ayon sa awa o pagmamahal ng iba. Maging si Rodriguez ay tinitignan ang kamatayan ng tao bilang "pinakamalinaw at masaklap na larawan ng kawalang-katarungan sa mundo"[41] ngunit binanggit niya ito sa konteksto ng lumalalang pagbabago ng klima at kung paano ito humahantong sa kamatayan ng maraming mahihirap. Ngunit kung ang aborsyon ay pagkitil ng buhay ng bata sa sinapupunan, bagay na sinasang-ayunan maging ng mga pilosopong

---

[40] Ang paglilinaw na ito ay hango sa komento ng isang di-kilalang tagasuri ng papel na inimbitahan akong pagnilayan kung ang aking pananaw ba ng mga kabataang walang muwang ay isinasalamin lamang ang konteksto ng kulturang Pinoy o sa kasaysayan ng bansa, at hindi umiiral sa iibang kultura. Nagpapasalamat ako sa kanyang komento.

[41] Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*, 128.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

ipinaglalaban ang aborsyon,[42] lumalabas na ito ay epekto ng kawalang-katarungan para sa mga batang di pa kayang ipaglaban ang kanilang kapakanan.

Ikalawang halimbawa ay ang usapin ng diborsiyo. Kapag ito ang bagay na pinag-uusapan, madalas na pangangatwiran mula sa mga nagnanais nito ay kung paano nagpasiya ang mag-asawa na maghiwalay. Sa Kanluraning pananaw, legal sa kanila ang tinatawag na "no-fault divorce" kung saan maaaring piliing maghiwalay ng mag-asawa kahit na walang nagkamali sa kanila at sadya lamang na nais na nilang maghiwalay. Ngunit paano nga ba nakakaapekto ang diborsyo sa kalagayan ng isang bata? Ayon sa isang pangmatagalang pag-aaral sa napakaraming Amerikanong pamilya na inabot ng labinlimang taon, natagpuan nina Paul Amato at Alan Booth na humigit-kumulang 70 porsyento ng mag-asawa ang naghihiwalay na walang masyadong alitan (*low-conflict*). Dagdag pa rito, nadiskubre rin nila na ang pagpapatuloy ng pagsasama ng mga mag-asawa sa isang *low-conflict marriage* ay lumalabas na mas makakabuti sa kanilang mga anak kumpara sa pagkasira ng kanilang pamilya.[43] Hindi lang ito ang pwedeng maging epekto ng diborsyo sapagkat puede pa itong humantong sa pag-aasawa ng iba, kung saan maaaring magdulot ang panibagong family set-up na ito sa higit na pinsala. Halimbawa, kapag pinili ng bayolohikal na nanay na mag-asawang muli, lumalabas base sa isang pag-aaral sa UK, na higit sa walong beses na mas mataas ang posibilidad ng pang-aabuso sa bata kumpara kung siya ay naninirahan sa poder ng kanyang parehong tunay na magulang.[44] Sinasang-ayunan nito ang pahayag nina Martin Daly and Margo Wilson na base sa kanilang pag-aaral, "ang pagkakaroon ng step-parent ang lumilitaw na pinakamakapangyarihang salik kaugnay sa matinding pag-mamaltratong nararanasan ng isang bata."[45] Kaya naman, lumalabas sa mga pag-aaral na ito kung paano nakapipinsala ang diborsyo sa kapakanan ng bata. Kagaya ng aborsyon, mahirap makita ang paghuhugutan ng karapatan na ito kung ang namumutawing katwiran sa lipunan ay katwiran ng nakatatanda.

---

[42] Ilan sa mga pilosopong ito ay sina Peter Singer at Judith Jarvis Thomson. Tignan ang mga sumusunod: Peter Singer, *Practical Ethics*, 2nd ed. (Cambridge: Cambridge University Press, 1993), 151–152; Judith J. Thomson, "A Defense of Abortion," in *Philosophy and Public Affairs*, 1 (1971).

[43] Paul R. Amato and Alan Booth, *A Generation at Risk: Growing Up in an Era of Family Upheaval* (Cambridge: Harvard University Press, 1997).

[44] Robert Whelan, *Broken Homes and Battered Children: A Study of the Relationship between Child Abuse and Family Type* (London: Family Education Trust, 1994).

[45] Martin Daly and Margo Wilson, *The Truth about Cinderella: A Darwinian View of Parental Love* (New Haven: Yale University Press, 1999), 7. Salin ng may akda. Orihinal: "Having a step-parent has turned out to be the most powerful epidemiological risk factor for severe child maltreatment yet discovered."

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Ang ikatlo at huling halimbawang aking ibibigay ay ang surogasya, na dumarami na ang nakikinabang ngayon. Sa Kanluraning kultura, dumarami ang mga parehong kasariang magkapareha na pinipiling magka-anak sa ganitong paraan. Ngunit dahil kailangan ng punla (*gametes*) ng babae upang makabuo ng anak, nangangailangan ng nasabing magkapareha (kung sila ay parehong lalaki) na bilhin ang punla na ito at bayaran ang babae na magbubuntis sa sanggol. Kapag naipanganak na, ibibigay sa magkapareha ang sanggol na wala ang kalinga ng kanyang ina. May kahalintulad na sistema pagdating rin sa magkaparehang babae, ngunit sa pagkakataong ito, semilya ng lalaki ang kanilang bibilhin. Minsan, hindi na kailangang magkapareha ang makinabang sa surogasya. Kung nais ng isang nakatatanda na magkaanak kahit na wala siyang asawa, at mayroon siyang pinansiyal na kakayahan, pwede niya na itong gawin sa pamamagitan ng surogasya. Madalas ang pagsasalarawan ng surogasya sa medya ay bilang isang himala ng teknolohiya. Ipinagdiriwang ito at madalas hindi nakikitaan ng kawalan ng katarungan. Maging ang ilang mga pilosopong pabor dito ay tinitignan ang surogasya sa lente ng kalayaang magkaanak, na para sa kanila ay may pangunahing halaga sa isang tunay na liberal na lipunan.[46] Ang iba pa nga ay umaapela sa tinatawag nilang karapatan na magkaanak kahit walang pakikipagtalik (*right to noncoital reproduction*) bilang dahilan para supurtahan ang surogasya.[47] Noon pa nga lang na dekada 70s, mayroon nang iilang sumusulong sa ideya ng malayang merkado ng mga sanggol (*free baby market*).[48] Ngunit ang laging wala sa mga argumentong ito ay ang pangangailangang tignan ang kapakanan at karapatan ng mga batang magiging produkto ng surogasya. Ang pagkabulag na ito ay dahil sa nananaig na katwiran ng nakatatanda sa lipunan. Kaya naman, di rin kataka-taka na may iilang pilosopo gaya ni David H. Smith na inihahambing ang surogasya sa pang-aalipin, sa kadahilanang may isang taong nagiging gamit lamang sa kagustuhan ng iba.[49] Sa nibel ng mga batang resulta ng surogasya, hindi ba may karapatan silang lumaki sa aruga ng kanilang mga tunay na magulang? Hindi ba natin gagalangin ang karapatang ito dahil lamang sa hindi nila kayang bigkasin ang kanilang pangangailangan? Mahalagang bigyang pansin ang tahasang paggamit ko dito ng mga salitang "tunay na

[46] John A. Robertson, *Children of Choice: Freedom and the New Reproductive Technologies* (Princeton: Princeton University Press, 1994), 22–42.

[47] Kimberly M. Mutcherson, "Procreative Rights in a Postcoital World," in *The Oxford Handbook of Reproductive Rights*, ed. by Leslie Francis (Oxford: Oxford University Press, 2017), 171–174.

[48] Elisabeth M. Landes and Richard A. Posner, "The Economics of the Baby Shortage," in *Journal of Legal Studies*, 7 (1978), 347.

[49] David H. Smith, "Wombs for Rent, Selves for Sale?," in *Journal of Contemporary Health Law and Policy*, 4 (1988), 34.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

magulang," na tumutukoy sa mga bayolohikal na magulang, sapagkat may mga taong maaaring tumayong mga magulang ng isang bata, gaya ng mga taong maaaring mag-ampon o mangalaga sa kanila.[50] Ngunit sa kabila nito, hindi pa rin maikakaila na ang diborsiyo man o ang surugasya ay isa pa ring kawalang-katarungan kahit pa ang batang maapektuhan nito ay sasailalim sa pangangalaga ng mga taong maaaring mag-ampon o mangalaga ng maayos sa kanila. Ang kawalang-katarungan ng isang bagay ay hindi mapagtatakpan ng anumang magandang kahihinatnan ng magiging biktima nito, kahit pa ang magandang resultang ito ay hindi mangyayari kung hindi naganap ang kawalang-katarungang nabanggit. Kaya naman, gaya nga ng sabi ni Rodriguez, "laging dapat may ibang kumakatawan sa mga binawian."[51] Interesanteng tignan na meron na ring iilang pilosopo, gaya ni Anca Gheaus, na binibigyang katwiran ang pahayag na hindi makatarungan ang ilang pagsasagawa ng surogasya dahil hindi nito tinitignan ang pinakamabuti para sa kapakanan ng bata.[52]

Malinaw sa aking tatlong halimbawa na maraming pagkakataon kung saan ang mga batang walang muwang ay maituturing na binawian, mga taong "inagawan o binawian ng isang bagay":[53] binawian ng buhay sa kaso ng aborsyon, binawian ng kabuuan ng pamilya sa kaso ng diborsiyo, at binawian ng presensiya at pagmamahal ng kanilang tunay na mga magulang sa kaso ng surogasya. Dagdag pa rito, ipinakita ng mga halimbawa kung papaanong ang pananaig ng nakatatandang katuwiran ay humahantong sa mga pagkilos na hindi makatarungan para sa mga batang walang muwang. Gaya nga ng binanggit ni Brenda Almond, "Ang pagkakatulad ng mga pasya ukol sa mga bata, nasa nibel man ng pagiging embrayo, sanggol o binatilyo't dalagita, ay ayon sa pagkakaugat ng mga ito sa kagustuhan at pangangailangan ng nakatatanda."[54] Dahil sa masyadong pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapasya ng mga nakatatanda, madaling naisasantabi ang kapakanan ng mga batang apektado ng mga pagpapasyang ito. Kaya naman,

---

[50] Nagpapasalamat ako sa di-kilalalang tagasuri ng papel na ibinahagi ang posibilidad na ito.

[51] Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*, 157.

[52] Anca Gheaus and Christine Straehle, *Debating Surrogacy* (Oxford: Oxford University Press, 2024), 180–184.

[53] Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*, 132.

[54] Brenda Almond, *The Fragmenting Family* (Oxford: Oxford University Press, 2006), 123. Salin ng may akda. Orihinal: "What many of the choices made about children, whether at the embryonic, infant, or teenage stage, have in common is that they are grounded in the preferences and needs of adults."

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

tama si Thomas H. Murray sa pagpapaalala na ang sobra-sobrang diing ibinibigay sa kakayahang magpasya ay nakakasira ng pamilya.[55]

Hindi maikakaila na ang isyu ng aborsyon, diborsiyo at surugasya ay malalaking paksa na binabalot ng kumplikadong mga argumento mula sa magkabilang-panig ng debate. Hindi ko man intensyon na tuldukan ang mga nasabing diskurso sa mga paksang ito, sa palagay ko ang argumentong aking inilahad—na naglalayong bigyang-hustisya ang kapakanan at pangangailangan ng mga batang walang muwang—ay naghahain ng isang mapangwakas na rason (*decisive reason*) laban sa mga nabanggit na isyu. Para masabing ang isang rason ay mapangwakas, kinakailangan na ang rason na ito ay hindi kayang malamangan o mapangimbabawan ng anu pa mang konsiderasyon. Halimbawa na lamang, isa sa mga madalas na binibigay na ehemplo ng mapangwakas na rason ay moral na rason, at para matukoy natin na ang isang rason ay moral, kailangang nagpapahiwatig ito ng pagkilala sa isang bagay na may moral na halaga. Ibig sabihin nito, kapag merong moral na rason para iwasan ang isang bagay—halimbawa kapag ang bagay na yon ay lubos na makakapahamak ng maraming tao—walang anu pa mang hindi moral na rason (*non-moral reason*) ang maaaring makagapi sa nasabing rason. Kaya naman, sinasabi natin na hindi sapat na dahilan ang kumita ng pera kung ang kapalit nito ay ang kapahamakan ng karamihan.

Base sa aking inilahad na argumento, aking ipinakita na ang mga isyung nabanggit—aborsyon, diborsiyo, at surugasya—ay mga bagay na nagdudulot ng kawalang-hustisya para sa mga batang walang muwang. At dahil ang hustisya ay isang bagay na may moral na halaga, ibig sabihin ang kawalan ng hustisya sa mga bagay na ito ay naghahain ng isang mapangwakas na rason laban sa kanila.

Ang kawalang-katarungang ito ang dahilan rin kung bakit pagdating sa mga batang walang muwang, hindi sapat ang prinsipyo ng neyutralidad at prinsipyo ng pampublikong katwiran ni Rawls, mga bagay na nakapaloob sa konsepto ng makatarungang lipunan ni Rodriguez, bilang mga tanging balangkas sa pagbuo ng isang makatarungang lipunan. Ito ay dahil kung nais nating lumago ng maayos ang mga kabataang ito, hindi pwedeng maging niyutral ang kung sinuman ang kakatawan o mangangalaga sa kapakanan nila, sapagkat sa napakaraming pagkakataon, kumikilos ang mga batang ito sa paraang ikapapahamak nila. Dagdag pa rito, ipinangatuwiran rin ni Tim Fowler na ang prinsipyo ng neyutralidad ay nagkakaproblema sapagkat maaari itong humantong sa mga hindi magandang resulta para sa mga bata, lalo na kung yaong kanilang mga magulang ay tinuturuan sila ng mga

---

[55] Thomas H. Murray, *The Worth of a Child* (Los Angeles: University of California Press, 1996), 36.

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

paniniwalang ikapapahamak nila[56] o di kaya ay kumikilos ang magulang sa paraan na ikapapahamak ng kanilang anak, katulad ng ilan na hindi nila pinababakunahan ang kanilang anak dahil sa kanilang relihiyosong paniniwala.

Kaya nga, nararapat lamang na mayroong kumatawan sa mga batang ito. Marahil isang tipikal na sagot kung sino ang dapat kumatawan sa mga batang ito ay ang kanila mismong magulang. Ngunit kung napansin na ninyo sa mga nabanggit na mga halimbawa, ang mga kawalang-katarungang ito ay dahil mismo sa pasya ng mga magulang. Kaya't kahit na sa palagay ko, mayroong malalim na karapatan ang mga magulang patungkol sa kanilang mga anak (kagaya ng karapatan kung paano ito palalakihin ayon sa tingin nilang makabubuti para sa kanilang anak), hindi pa rin ganap ang karapatang ito. Nararapat lamang na lagyan ng hangganan ang karapatan at ang malayang pasya ng magulang sa punto kung saan hahantong na ito sa pagsasawalang-bahala ng pangangailangan ng anak.

## Uniberso ng Pangangailangan

Marahil may iilan ng aspeto ng kapakanan ng mga bata na lumilitaw sa aking paliwanag ng tatlong halimbawang nabanggit. Ganon din, kung tama ang aking pangangatwiran na hindi sapat ang multiberso ng katwiran upang punahin ang kawalan ng hustisya sa mga halimbawang ito, nararapat lamang na magbigay ng panibagong balangkas na makakapagbigay-liwanag kung paano malinaw matutukoy ang kawalan ng hustisya sa mga iyon. Dahil sa laro ng pagkabata, hindi maaaring tumalima sa ideya ng awtonomiya o katwiran para matukoy ang kanilang kawalan ng hustisya. Sa palagay ko, ang isang uniberso ng pangangailangan ang kailangang kilalanin upang matukoy kung ano ang kawalan ng hustisya sa aborsyon, diborsyo at surogasya. Anumang pagkilos na hindi ginagalang itong uniberso ng pangangailangan ay nagpapahiwatig ng kawalan ng hustisya.

Ang uniberso ng pangangailangan ay isang balangkas na naka-ayon sa pangkaraniwang pagkilala na mayroong mga natural na pangangailangan ang tao na kailangang mapunan ng kung sinuman ang may responsibilidad sa kanila. Tinawag ko ang balangkas na ito bilang uniberso, at hindi multiberso, ng pangangailangan upang bigyang kaisipan na may unibersal na mukha ang pangangailangan ng tao ayon mismo sa kanyang kalikasan at hindi nakabatay sa kung anuman ang takbo ng kanyang mga desisyon sa buhay. Bagama't hindi ko sinasabing ang pangangailangan ang pinaka-matimbang na konseptong etikal sa anumang moral na tunggalian, ito rin

[56] Tim Fowler, "The Problems of Liberal Neutrality in Upbringing," in *Res Publica*, 16 (2010).

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

naman ang tingin kong pinakamatimbang na dalumat kaugnay sa kung papaano natin dapat ituring ang mga batang walang muwang. Kaugnay nito, mayroong pundamental na tungkulin ang mga magulang na punan ang pangangailangan ng kanilang anak. Sa bawat pagkakataon na may isang batang napagkakaitan ng kanyang pangangailangan, mayroong malinaw na pananagutan rito ang kaniyang mga magulang. At maaari ring maipasa ang pananagutang ito, sa ibang tao kagaya ng ibang kapamilya o maging sa institusyon gaya ng estado, depende sa konteksto. Halimbawa na lamang, may malinaw na malaking pagkukulang ang isang gobyerno kung wala itong ginagawa upang sagipin ang buhay ng mga sanggol na iniiwan lang ng kanilang magulang sa kung saan-saan.

Ngunit paano natin matutukoy kung ang isang bagay ay tunay ngang pangangailangan? Makakatulong sa atin rito ang depinisyong ibinigay ni Sarah Clark Miller ukol sa tinatawag niyang *absolute needs* na maaari nating isalin bilang ganap na pangangailangan: "ang isang bagay ay maituturing na ganap na pangangailangan kung kailangang mapunan ang bagay na ito upang hindi mapahamak, at maipagpatuloy ng tao ang kanyang pag-iral bilang tao."[57] Walang duda na ang magpatuloy sa buhay ay isang pangangailangan, kaya nga't itinuturing na mali ang mga pagkilos na nagdudulot sa kapahamakan ng buhay tao. Dito malinaw kung bakit ang aborsyon ay nagpapahiwatig ng kawalan ng katarungan: sapagkat ito ay nagtatanggal ng pangangailangan ng sanggol na mabuhay. May katulad na pangangatwiran rin pagdating sa pangangailangan ng bata na lumaki sa ilalim ng gabay at pagmamahal ng kanyang bayolohikal na magulang, kaya naman ayon sa balangkas na ito, ang mali sa diborsyo at surogasya ay nakaugat mismo sa kung papaano nakapipinsala ang mga bagay na ito sa pag-iral ng mga batang dinanas ang mga nasabing bagay. Sa madaling salita, nagpapahiwatig ng kawalang-katarungan ang deborsyo at surogasya sapagkat pareho silang nagsasawalang-bahala ng pangangailangan ng batang lumaki sa isang buong pamilya at sa pangangalaga ng kanyang mga tunay na magulang. Kung tagumpay nga ang aking pangangatuwiran patungkol sa mga halimbawang nabanggit, lumalabas na napakaraming pagkakataon ng kawalang-katarungan ang dinanas at patuloy na dinadanas ng mga batang walang muwang sa iba't-ibang panig ng mundo.

Dahil sa malinaw na pagtukoy nito sa mga bagay na makakapagpapalago o makakapinsala sa pag-iral ng tao, ang uniberso ng pangangailangan ay isang balangkas na makapagbibigay anyo sa kung ano ang mabuti at nararapat. Halimbawa, nararapat lamang na punan ng

---

[57] Sarah Clark Miller, *The Ethics of Need: Agency, Dignity, and Obligation* (New York: Routledge, 2012), 17–18. Salin ng may akda. Orihinal: "Absolute needs … must be met in order for people to avoid harm and to continue to function as human agents."

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

magulang ang ganap na pangangailangan ng kanilang anak. O di kaya, mabuti ang isang pagkilos na pinupunan ang ganap na pangangailangan ng kanyang kapwa. Ang mga pahayag na ito, bilang hango sa uniberso ng pangangailangan, ang magbibigay wakas sa pangangailangan ng diskurso. Sa usapin ng pangangailangan, lalo na ng mga batang walang muwang, hindi ang patuloy na diskurso ang dapat maging wakas kundi ang kolektibong pagkilos na matugunan ang mga ganap na pangangailangan.

Hindi rin naman ibig sabihin nito na wala ng lugar ang diskurso. Samakatuwid, ang uniberso ng pangangailangan, bilang balangkas sa pagpapatupad ng isang makatarungang lipunan, ay nangangailangan pa rin ng tahasang pagsusuri sa loob ng multiberso ng katwiran. Ang balangkas na ito ay nag-aanyaya pa rin ng iba't-ibang tanong upang lalo pang mapalinaw ito: liban sa mga nabanggit, anu-ano pa ang ibang ganap na pangangailangan? Kung ang pagkain at tirahan ay mga ganap na pangangailangan, sinu-sino ang may tungkulin na punan ito para sa mga taong nagkukulang rito? Ano ang relasyon ng pangangailangan sa karapatan? Ano ang dapat manaig kung may tunggalian sa pagitan ng iba't-ibang pangangailangan? Ano ang tungkulin ng estado upang punan ang mga ganap na pangangailangan ng bawat mamamayan? Hindi na sakop ng papel na ito na sagutin ang mga nasabing tanong. Ngunit kung sang-ayon ang lahat na kasapi ng multiberso ng katwiran na nararapat tugunan ang mga ganap na pangangailangan, magbibigay ito ng malinaw at pangkalahatang pundasyon kung papaano tayo hahantong sa isang makatarungang lipunan para sa lahat. Kaya naman bagaman hinugot ko ang uniberso ng pangangailangan mula sa abot-tanaw ng mga batang walang muwang, nais ko ring ilahad na ang balangkas na ito ay naaangkop sa lahat, maging bata man o nakatatanda.

## Konklusyon

Hindi madali (sa ilan ay imposible pa nga) ang makabuo ng isang ganap na makatarungang lipunan. At tiyak na may kahirapan din ang bumuo ng wastong balangkas na magsusuri kung ang isang lipunan ba ay makatarungan o hindi. Kaya naman, nararapat lang na ikalugod ang pagtatangka ni Rodriguez na maglahad ng isang pilosopikal na pagsusuri kung ano ang mukha ng isang makatarungang lipunan at paano ito maaaring marating. Napakahalaga ang pagbibigay ng tuon ni Rodriguez sa isang malayang diskurso upang maging daan patungo sa isang makatarungang lipunan. Sa pamamagitan nito, maipaparating ng bawat mamamayan ang kanilang hinaing o maging ang katangi-tanging pagtingin nila sa reyalidad at sa iba't-ibang sulok nito at kung papaano nararapat na kumilos rito ayon sa naituro ng kanilang kapalaran at sariling pagpapasya. Dahil nga hindi

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

pare-pareho ang kapalaran ng bawat tao, napakahalagang bigyan ng boses ang lahat, lalo na ang mga naisantabi at nabawian, sa pagbibigay-anyo kung ano nga ba ang nilalaman ng katarungan sa lipunan.

Sa papel na ito, nilayon kong tignan ang lugar ng mga batang walang muwang sa multiberso ng katwiran, at sinubukan kong ipakita na hindi ito sasapat sapagkat ang balangkas na ito ay nakatuon pa rin sa konsepto ng tao bilang nakatatanda at konsepto ng katarungan na nakatuon lang sa pasya at interes ng nakatatanda. Gayunpaman, gamit ang uniberso ng pangangailangan bilang balangkas, ipinakita ko rin kung papaanong ang balangkas na ito ay pwedeng magsilbing karagdagang elemento sa loob ng multiberso ng katwiran, at kung papaanong tinutugunan ng balangkas na ito ang pangunahing kapakanan ng mga bata. Kung ako ay nagtagumpay rito, may malawak na implikasyon ito sa mukha ng diskurso na nais ni Rodriguez sapagkat maaari itong magbigay ng karagdagang linaw sa iba pang buhay tao na nangangailangan ng kakatawan sa kapakanan nila. Sa bandang huli at anuman ang aming pagkakaiba, pareho naman kami ni Rodriguez ng ninanais: isang makatarungang lipunan na sumusubaybay at nangangalaga sa kapakanan ng lahat, lalo na ng mga naisantabi at binawian.

*Department of Philosophy*
*Ateneo de Manila University*
*Quezon City, The Philippines*

## References

Almond, Brenda, *The Fragmenting Family* (Oxford: Oxford University Press, 2006).

Amato, Paul R., and Alan Booth, *A Generation at Risk: Growing Up in an Era of Family Upheaval* (Cambridge: Harvard University Press, 1997).

Casey, B. J., Nim Tottenham, Conor Loston, and Sarah Durston, "Imaging the Developing Brain: What Have We Learned about Cognitive Development?," in *Trends in Cognitive Sciences*, 9 (2005).

Daly, Martin, and Margo Wilson, *The Truth about Cinderella: A Darwinian View of Parental Love* (New Haven: Yale University Press, 1999).

Fowler, Tim, *Liberalism, Childhood and Justice: Ethical Issues in Upbringing* (Bristol: Bristol University Press, 2020).

__________, "The Problems of Liberal Neutrality in Upbringing," in *Res Publica*, 16 (2010).

Gheaus, Anca, and Christine Straehle, *Debating Surrogacy* (Oxford: Oxford University Press, 2024).

Landes, Elisabeth M., and Richard A. Posner, "The Economics of the Baby Shortage," in *Journal of Legal Studies*, 7 (1978).

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Miller, Sarah Clark, *The Ethics of Need: Agency, Dignity, and Obligation* (New York: Routledge, 2012).

Murray, Thomas H., *The Worth of a Child* (Los Angeles: University of California Press, 1996).

Mutcherson, Kimberly M., "Procreative Rights in a Postcoital World," in *The Oxford Handbook of Reproductive Rights*, ed. by Leslie Francis (Oxford: Oxford University Press, 2017).

Rawls, John, "Justice as Fairness: Political not Metaphysical," in *John Rawls: Collected Papers*, ed. by Samuel Freeman (Cambridge: Harvard University Press, 1999).

__________, *Political Liberalism* (New York: Columbia University Press, 1993).

Robertson, John A., *Children of Choice: Freedom and the New Reproductive Technologies* (Princeton: Princeton University Press, 1994).

Rodriguez, Agustin Martin, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

Schapiro, Tamar, "What Is a Child?," in *Ethics*, 109 (1999).

Singer, Peter, *Practical Ethics,* 2nd ed. (Cambridge: Cambridge University Press, 1993).

Smith, David H., "Wombs for Rent, Selves for Sale?," in *Journal of Contemporary Health Law and Policy*, 4 (1988).

Thomson, Judith J., "A Defense of Abortion," in *Philosophy and Public Affairs*, 1 (1971).

Wall, John, *Ethics in Light of Childhood* (Washington, D.C.: Georgetown University Press, 2010).

Whelan, Robert, *Broken Homes and Battered Children: A Study of the Relationship between Child Abuse and Family Type* (London: Family Education Trust, 1994).

© 2026 Ian Anthony Davatos
https://doi.org/10.25138/20.1.a11
https://www.kritike.org/journal/issue_38/davatos_march2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND